



Mga Karapatan at Responsibilidad ng **Kalahok**



CENTER FOR ELDERS'
independence

Your life just got better



CENTER FOR ELDERS'
independence

Ang Iyong Mga Karapatan sa Programa ng Pangangalagang Sinasklaw ang Lahat para sa mga Nakatatanda

Kapag sumali ka sa programa ng Pangangalagang Sinasklaw ang Lahat para sa mga Nakatatanda (PACE), mayroon kang ilang partikular na karapatan at proteksyon. Ang Sentro para sa Pagiging Independiyente ng mga Nakatatanda (Center for Elders' Independence), bilang iyong programa ng PACE, ay kailangang ganap na maipaliwanag at maibigay ang iyong mga karapatan sa iyo o sa sinumang kumakatawan sa iyo sa paraang nauunawaan mo sa oras ng iyong pagsali.

Center for Elders' Independence, nakatuon kami sa pagbibigay sa iyo ng mga de-kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para manatili kang independyente hangga't maaari. Kasama rito ang pagbibigay ng lahat ng item at serbisyo na saklaw ng Medicaid at Medicare, pati na rin ang iba pang serbisyo na itinuturing na kinakailangan ng interdisciplinary team sa lahat ng setting ng pangangalaga, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Nagsusumikap ang aming mga kawani at kontratista na tiyakin ang pagkilala sa dignidad at kahalagahan ng bawat kalahok sa pamamagitan ng pagtiyak ng mga sumusunod na karapatan:



May karapatan ka sa paggamot.

May karapatan ka sa paggamot na parehong naaangkop para sa iyong mga kondisyon sa kalusugan at ibinibigay sa napapanahong paraan. May karapatan kang:

- Makatanggap ng lahat ng pangangalaga at serbisyo na kailangan mo para mapabuti o mapanatili ang iyong pangkalahatang kondisyon sa kalusugan at para makamit ang pinakamataas na antas ng pisikal, emosyonal, at panlipunang kagalingan at pagganap.
- Makakuha ng mga serbisyong pang-emergency kung kailan at saan mo kailangan ang mga ito nang walang pag-apruba ng PACE Interdisciplinary Team (IDT). Ang medikal na emergency ay kapag sa tingin mo ay nasa malubhang panganib ang iyong kalusugan—kapag mahalaga ang bawat segundo. Maaaring magkaroon ka ng malubhang pinsala, biglaang pagkakasakit, o sakit na mabilis na lumalala. Maaari kang makakuha ng pangangalagang pang-emergency saanman sa Estados Unidos o sa mga teritoryo nito, at hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot mula sa Center for Elders' Independence bago humingi ng mga serbisyong pang-emergency.



May karapatan kang tratuhin nang may paggalang.

May karapatan kang tratuhin nang may dignidad at paggalang sa lahat ng oras, panatilihing pribado at kumpidensyal ang lahat ng iyong pangangalaga, at makakuha ng mahabagin, maalalahanin na pangangalaga. May karapatan kang:

- Makuha ang lahat ng iyong pangangalagang pangkalusugan sa isang ligtas, malinis na kapaligiran at sa madaling paraan.
- Maging malaya sa kapahamakan. Kasama rito ang labis na gamot, pisikal o mental na pang-aabuso, pagpapabaya, pisikal na pagpaparusa, paglalagay sa iyo nang mag-isa laban sa iyong kalooban, at anumang pisikal o kemikal na pagpipigil na ginagamit sa iyo para sa disiplina o kaginhawahan ng mga kawani at hindi para sa paggamot ng iyong mga sintomas.
- Mahikayat at matulungang gamitin ang iyong mga karapatan sa programa ng PACE.
- Makakuha ng tulong, kung kailangan mo ito, para gamitin ang reklamo ng Medicare at Medicaid at mga proseso ng apela, at ang iyong sibil at iba pang legal na karapatan.
- Mahikayat at matulungan sa pakikipag-usap sa mga kawani ng PACE tungkol sa mga pagbabago sa patakaran at mga serbisyo na sa tingin mo ay dapat gawin.
- Gumamit ng telepono habang nasa sentro ng PACE.
- Hindi magtrabaho o magserbisyo para sa programa ng PACE.
- Mabigyan ng paliwanag sa lahat ng impormasyon tungkol sa iyong mga pagpipilian para sa mga serbisyo at paggamot ng PACE sa isang wika na iyong nauunawaan, at sa paraang isinasaalang-alang at ginagalang ang iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at mga kaugalian sa kultura.



May karapatan kang maprotektahan laban sa diskriminasyon.

Labag sa batas ang diskriminasyon. Dapat sumunod sa batas ang bawat kompanya o ahensya na nakikipagtulungan sa Medicare at Medicaid. Hindi ka nila puwedeng idiskrimina dahil sa iyong:

- Lahi
- Etnisidad
- Bansang Pinagmulan
- Relihiyon
- Edad
- Kasarian
- Kapansanan sa pag-iisip o pisikal
- Sekswal na oryentasyon
- Pinagmumulan ng bayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan (halimbawa, Medicare o Medicaid)

Kung sa tingin mo ay nadiskrimina ka dahil sa alinman sa mga dahilan na ito, makipag-ugnayan sa miyembro ng kawani ng programa ng PACE para matulungan kang malutas ang iyong problema.

Kung mayroon kang anumang tanong, maaari kang tumawag sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa **1-800-368-1019**. Dapat tumawag sa 1-800-537-7697 ang mga gumagamit ng TDD.



May karapatan kang makakuha ng impormasyon at tulong.

May karapatan kang makakuha ng tumpak at madaling maunawaan na impormasyon, maibahagi ang impormasyong ito sa iyong itinalagang kinatawan, na siyang taong pipiliin mong kumilos para sa iyo, at magkaroon ng isang taong tutulong sa iyo na gumawa ng mga may-kaalamang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan kang:

- Magkaroon ng taong tutulong sa iyo kung mayroon kang hadlang sa wika o komunikasyon para maunawaan mo ang lahat ng impormasyong ibinigay sa iyo.
- Maipaliwanag sa iyo ang programa ng PACE ang impormasyon sa iyong piniling wika sa paraang may paggalang sa iyong kultura, kung hindi Ingles ang iyong unang wika at hindi mo kayang magsalita ng Ingles nang mas mahusay para maunawaan ang impormasyong ibinibigay sa iyo.
- Makakuha ng mga materyales sa marketing at mga karapatan ng kalahok ng PACE sa Ingles at sa anumang iba pang madalas na ginagamit na wika sa iyong komunidad. Makukuha mo rin ang mga materyal na ito sa Braille, kung kinakailangan.
- Maipaliwanag sa iyo ang kasunduan sa pagpapatala sa paraang iyong nauunawaan.
- Makakuha ng nakasulat na kopya ng iyong mga karapatan mula sa programa ng PACE. Dapat ding ipaskil ng programa ng PACE ang mga karapatang ito sa isang pampublikong lugar sa sentro ng PACE kung saan madali itong makita.

- Ganap na maipaalam sa iyo, sa pamamagitan ng pagsulat, ang mga serbisyong inaalok ng programa ng PACE. Kasama rito ang pagpapahayag sa iyo kung aling mga serbisyo ang ibinibigay ng mga kontratista sa halip na ng mga staff ng PACE. Dapat ibigay sa iyo ang impormasyong ito bago ka sumali, sa oras ng iyong pagsali, at kapag kailangan mong pumili ng mga serbisyong gusto mong matanggap.
- Mabigyan ng kopya ng mga indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyong may kinalaman sa pangangalaga na hindi ibinibigay nang direkta ng Center for Elders' Independence kapag hiniling.
- Tingnan, o humingi ng tulong para makita, ang mga resulta ng pinakahuling pagsusuri ng iyong programa ng PACE. Sinusuri ng mga ahensya ng Pederal na pamahalaan at Estado ang lahat ng programa ng PACE. Mayroon ka ring karapatan na suriin kung paano aayusin ng programa ng PACE ang anumang problema na matutuklasan sa inspeksyon.

Bago magsimula ang Center for Elders' Independence sa pagbibigay ng palliative na pangangalaga, pangangalaga sa kaginhawahan, at mga serbisyo para sa pagtatapos ng buhay, mayroon kang karapatan na ganap na ipaliwanag sa iyo ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito. Kasama rito ang iyong karapatan na mabigyan, sa pamamagitan ng nakasulat dokumento, ng kompletong paglalarawan ng mga serbisyong ito at kung paano ito naiiba sa pangangalagang iyong natatanggap, at kung ang mga serbisyong ito ay karagdagan sa, o kapalit ng, iyong kasalukuyang mga serbisyo. Dapat ding ipaliwanag ng impormasyon, nang detalyado, kung paano maaapektuhan ang iyong kasalukuyang mga serbisyo kung pipiliin mong magsimula ng palliative na pangangalaga, pangangalaga sa kaginhawahan, o mga serbisyo para sa pagtatapos ng buhay, kabilang ngunit hindi limitado sa, ang epekto sa mga sumusunod na serbisyo.

Partikular na dapat ipaliwanag nito ang anumang epekto sa:

- Mga serbisyo ng doktor, kabilang ang mga serbisyo ng espesyalista
- Mga serbisyo sa orpital
- Mga gamot
- Mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga
- Mga serbisyo ng nars
- Mga serbisyong panlipunan
- Kalusugan ng pag-uugali
- Mga serbisyong pandiyeta
- Transportasyon
- Pangangalaga sa tahanan
- Mga serbisyong pang-iwas sa pangangalagang pangkalusugan
- Pagdalo sa sentro ng PACE
- Therapy, kabilang ang sa katawan, na occupational, at sa pagsasalita.
- Diagnostic na pagsusuri, kabilang ang imaging at mga serbisyo ng laboratoryo

May karapatan kang baguhin ang iyong desisyon at bawiin ang iyong pahintulot para tumanggap ng palliative na pangangalaga, pangangalaga sa kaginhawahan, o mga serbisyo para sa pagtatapos ng buhay anumang oras at para sa anumang dahilan sa pamamagitan ng pagpapaalam sa Center for Elders' Independence, sa pasalita man o nakasulat.



May karapatan kang pumili ng mga provider ng serbisyo.

May karapatan kang pumili ng provider ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga at mga espesyalista, mula sa network ng programa ng PACE at makakuha ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ang mga kababaihan na makakuha ng mga serbisyo mula sa isang kwalipikadong espesyalista sa pangangalagang pangkalusugan para sa kababaihan para sa mga pangkaraniwan o pang-iwas na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa kababaihan. May karapatan kang magkaroon ng makatuwiran at napapanahong access sa mga espesyalista ayon sa iyong kondisyon sa kalusugan.

May karapatan kang tumanggap ng pangangalaga sa lahat ng setting ng pangangalaga, pati na ang paglipat sa isang pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga kapag hindi ka na kayang mapanatiling ligtas ng Center for Elders' Independence sa loob ng komunidad.



May karapatan kang makilahok sa mga desisyon tungkol sa paggamot.

May karapatan kang ganap na lumahok sa lahat ng desisyon na may kaugnayan sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka ganap na makakalahok sa mga desisyon tungkol sa iyong paggamot o gusto mong magkaroon ng taong tutulong sa iyo na pinagkakatiwalaan mo, may karapatan kang piliin ang taong iyon para kumatawan sa iyo. May karapatan kang:

- Maipaliwanag sa iyo ang lahat ng opsyon sa paggamot sa isang wikang nauunawaan mo, para ganap na maipalam sa iyo ang iyong kalagayang pangkalusugan at kung gaano ka kahusay sa iyong paggaling, at para makagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang karapatang hindi magpagamot o uminom ng mga gamot. Kung pipiliin mong hindi magpagamot, dapat ipaalang sa iyo kung paano ito maaaring makaapekto sa kalusugan ng iyong katawan at pag-iisip.
- Lubos na maunawaan ang palliative na pangangalaga, pangangalaga sa kaginhawahan, at mga serbisyo sa pangangalaga para sa pagtatapos ng buhay ng Center for Elders' Independence. Bago magsimulang magbigay sa iyo ang Center for Elders' Independence ng palliative na pangangalaga, pangangalaga sa kaginhawahan, at mga serbisyo sa pangangalaga para sa pagtatapos ng buhay, dapat ipaliwanag ng programa ng PACE ang lahat ng iyong opsyon sa paggamot, dapat itong magbigay ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga opsyon na ito, at dapat itong kumuha ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo o sa iyong itinalagang kinatawan.
- Matulungan ka ng programa ng PACE na lumikha ng paunang direktiba, kung pipiliin mo. Ang paunang direktiba ay nakasulat na dokumento na nagsasabi kung paano mo gustong gawin ang mga medikal na desisyon kung sakaling hindi ka makapagsalita para sa iyong sarili. Dapat mo itong ibigay sa taong magsasagawa ng iyong mga tagubilin at gagawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo.

- Makilahok sa paggawa at pagsasakatuparan ng iyong plano ng pangangalaga. Maaari kang magtanong para masuri ang iyong plano ng pangangalaga anumang oras.
- Mabigyan ng paunang abiso, nang nakasulat, tungkol sa anumang plano na ilipat ka sa ibang lugar ng paggamot at ang dahilan ng iyong paglipat.



May karapatan kang panatilihing pribado ang iyong impormasyon sa kalusugan.

- May karapatan kang makipag-usap nang pribado sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at panatilihing pribado at kumpidensyal ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan, kabilang ang data na kinolekta at itinatabi sa elektronikong paraan, na protektado alinsunod sa mga batas ng Estado at Pederal na pamahalaan.
- May karapatan kang tingnan at tumanggap ng mga kopya ng iyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago.
- May karapatan kang makatiyak na ang iyong nakasulat na pahintulot ay makukuha para sa pagpapalabas ng impormasyon sa mga taong hindi pinahintulutan sa ilalim ng batas na tumanggap nito.
- Mayroon kang karapatang magbigay ng nakasulat na pahintulot na naglilimita sa lawak ng impormasyong maaaring ibigay at sa mga taong maaaring pagbigyan nito.

May patakaran sa pagkapribado ang pasyente na nagbibigay sa iyo ng mas maraming access sa iyong sariling medikal na rekord at higit na kontrol sa kung paano ginagamit ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa patakaran sa pagkapribado na ito, maaari kang tumawag sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa **1-800-368-1019**. Dapat tumawag sa 1-800-537-7697 ang mga gumagamit ng TDD.



May karapatan kang maghain ng reklamo.

May karapatan kang magreklamo tungkol sa mga serbisyong natatanggap mo o kinakailangan mo pero hindi mo natanggap, sa kalidad ng iyong pangangalaga, o sa anumang iba pang alalahanin o problema sa iyong programa ng PACE. May karapatan kang mabigyan ng patas at napapanahong proseso para sa paglutas ng mga alalahanin sa iyong programa ng PACE. May karapatan kang:

- Mabigyan ng buong paliwanag sa proseso ng reklamo.
- Hikayatin at tulungan na malaya mong ipaliwanag ang iyong mga reklamo sa mga kawani ng PACE at panlabas na kinatawan na iyong pipiliin. Hindi ka dapat masaktan sa anumang paraan sa pagsasabi sa isang tao ng iyong mga alalahanin. Kabilang dito ang pagpaparusa, pagbabanta, o diskriminasyon.
- Makipag-ugnayan sa 1-800-Medicare para sa impormasyon at tulong, kabilang ang paghahain ng reklamo na may kaugnayan sa kalidad ng pangangalaga o paghahatid ng serbisyo.



May karapatan kang humiling ng mga karagdagang serbisyo o maghain ng apela.

May karapatan kang humiling ng mga serbisyo mula sa Center for Elders' Independence, mga empleyado nito, o mga kontratista, na sa iyong palagay ay kinakailangan. May karapatan ka sa komprehensibo at napapanahong proseso para sa pagtukoy kung dapat bang ibigay ang mga serbisyong iyon.

May karapatan ka ring mag-apela sa anumang pagtanggig ng serbisyo o desisyon sa paggamot ng programa ng PACE, mga kawani, o mga kontratista.



May karapatan kang umalis sa programa.

Kung, sa anumang dahilan, hindi mo nararamdaman na angkop para sa iyo ang programa ng PACE, may karapatan kang umalis sa programang ito anumang oras at maging epektibo ang iyong pag-alis mula sa unang araw ng buwan na kasunod ng petsa kung kailan natanggap ng Center for Elders' Independence ang iyong abiso ng boluntaryong pag-alis sa pagpapatala.

KARAGDAGANG TULONG:

Kung sa tingin mo ay nilabag ang alinman sa iyong mga karapatan o hindi ka nasisiyahan at guso mong maghain ng reklamo o apela, mangyaring ipagbigay-alam ito kaagad sa iyong social worker o tawagan ang aming tanggapan sa regular na oras ng negosyo sa 510-433-1150.

Kung gusto mong makipag-usap sa isang tao sa labas ng Center for Elders' Independence tungkol sa iyong mga alalahanin, maaari kang makipag-ugnayan sa 1-800-Medicare (1-800-633-4227) o 1-888-804-3536 (Health Consumer Alliance--Medicare Ombudsman Program).



CENTER FOR ELDERS'
independence

Your life just got better